AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**GAMES**

**Activity 38**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving at pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

**Games - Activity 38**

ART 1

Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza

**ART 1**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 38**

**I. Pambungad** 🎯
ART! 🎨

**II. Step 1** 🎯
Gamit ang anumang panulat at papel meron tayo sa bahay, piliin ang isang bagay na ating nakikita sa loob o labas ng bahay at iguhit o i-drawing ito! 🖼️Subukan natin na gawin na gayang gaya ang bagay o realistic ang ating mga guhit!

Pwede itong baso, bulaklak, ibang tao-- kahit ano!

Mga paalala:
1) Hindi kailangan na makulay ang iyong guhit! Madaming magagaling na manguguhit ang lapis o ballpen lang ang gamit! 📝
2) Wag madismaya kung hindi mo eksaktong nakopya ang bagay na ginuguhit mo! Kung ano man ang naiguhit mo, 'yan ang nag-iisang o unique na perspektibo ng bagay na iyon para sayo! Kung ganto man ☀️, o ganto 🌞, o ganto 😸, o ganto 🐈, lahat yan katanggap-tanggap at maganda! 🌈

**III. Step 2** 🎯
Sa likod ng iyong drawing, isulat mo ang petsa ngayon at bigyan ng titulo ang iyong naiguhit! 🖼️

BONUS: Pwede mo rin isulat kung bakit iyon ang napili mong iguhit. 🖊️

**IV. Step 3** 🎯
Pakita mo ang iyong guhit sa kasama mo sa bahay! 👨👩👧👦 Ano ang masasabi nila sa iyong naguhit? Nahula ba nila kung ano iyon?

Ang art ay eksresyon ng perspektibo mo sa mundo at nararamdaman mo! Palaging alalahanin na ang art ay paraan para ipakita ang sarili, ang iyong iniisip o nararamdaman, para makapag-ugnay sa ibang tao! ❤☺❤

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.